# KUMANDONG NAKAISKWAT

**2nd prize - Dulang May Isang Yugto - 2012**

Sinopsis ng Dula sa Isang Yugto

Sa oras na mataas na ang araw at malapit na ang pananghalian ay napaiskwat na naman si Eman ng isa sa mga paring seminaryo, sa dating lugar, ang korteng laruan ng basketbol ng mga seminarista.. Sa pagkakataong iyon, kasama niya sa pagtingkayad sina Ramil - halos kaedad ni Eman - at si Bey ,nasa unang taon ng pag-aaral niya sa seminaryo-minor (departamentong hayskul sa pormasyon ng magpapari).

Napagkasunduan ng tatlo na sundin ang mungkahi ni Eman – na maghalinhinan sila sa pag-iskwat habang ang isa o dalawa sa kanila ay “tumatakas” sa ganoong uri ng parusa. Sa pag-alis ni Eman, mababatid natin na kaya pala naleyt sina Ramil at Bey sa pagmemeryenda ng komunidad ay dahil sa dinahas at nadonselya ni Ramil si Bey sa kubeta ng seminaryo.

Sa pag-alis naman ni Ramil ay di-sinasadyang naisumbong ni Bey ang pandarahas na ginawa ni Ramil sa kanya, dahilan para magalit si Eman kay Ramil.

Si Eman naman pala ay nakasalubong na ng tiyo niyang pari na nagtuturo rin sa seminaryo-minor, at nasabihan na kailangan na siyang lumabas sa dahilan, umano, na hindi na karapat-dapat si Eman sa pormasyon at sa pagpapari. Tahasan nang sinalungat ni Eman ang kaparusahan, dahil sa pasyang dadalhin ang natumbang si Bey sa klinik ng seminaryo. Naiwan si Ramil na nagpasyang mananatiling nakaiskwat.

# Kumandong Nakaiskwat

Dula sa Isang Yugto

Mga Tauhan:

**RAMIL**, nasa ikaapat na taon sa seminaryo-minor (hayskul)

**EMAN**, nasa ikatlong taon, sa pareho ring departamento

**BEY**, nasa unang taon at bagong-salta sa seminary-minor

Basketball court sa pagitan ng kapilya (nasa kanan) at refectory (sa kaliwa) ng isang seminaryo-minor. Alas dyes ng umaga bagaman mainit na ang tumataas pang araw.

Tunog ng tambol. "Reveille". Papahina. Papasok ang tatlong binatilyong seminarista – sina (sa ganitong kaayusan) BEY, RAMIL at EMAN. Parepareho silang nakapolong puti, itim na pantalon at balat na sapatos. Si BEY ang pinakabata sa tatlo. Makasingtanda halos sina EMAN at RAMIL. Haharap sila sa manonood.

RAMIL: O, pwesto na tayo. Wan layn. Dali, nakatingin dito si Father.

(Iisakwat sila.)

EMAN: Para na naman akong umeeba nito a. Tumitingkayad –

RAMIL: Parang superman kamo.

EMAN: He-he, praktis na naman ito para sa hinaharap na laban sa kama.

RAMIL: Ingay mo, Eman.

EMAN: Sex. Pwesto sa kantu –

RAMIL: Kantu bang –

EMAN: Kantutan. Ay, lintak, papalapit dito si Father -.

(Iiskwat sila. Lilipat si BEY sa tabi ni EMAN at magpapalikwad-likwad.)

RAMIL: Bey, pinaiiskwat ka rin?

BEY: Si Father Subas.

RAMIL: Latin?

EMAN: Ego sum Impaktum pala e. Hindi ka nakasagot sa declension, ano?

BEY: E naleyt din kasi ako sa meryenda.

RAMIL: (kaagad) Ang dami na kaya nung napapaiskwat, Eman. Puro pa first year.

EMAN: Oryentasyon. Sige lang, Bey. Kasama 'yan sa sinasabi ko sa 'yong leksyon. –

RAMIL: Ano na naman 'yan, Eman? Bagito pa lang 'yan e -.

EMAN: E iba kasi itong si Bey e. Sa lahat ng first year, ito ang maigi kong ka-jamming. Sa maraming bagay, nagkakasundo kami. Di ba, Bey?

BEY: Ha? E…

EMAN: O, sabi ko sa 'yo, para hindi ka masilaw sa sikat ng araw, lalo na ngayong umiiskwat, sa kanang paa ka muna tumingin. Tingin na. Titigan mo 'yan. Maghanap ka ng kahit ano sa 'yong balat. Kulugo. Kalyo. Bilangin mo ang 'yong pilat. Ganu'n. Nakailang langib na ba ang bakukang mo? Isipin mo 'yun. Makakalimutan mo na ang mainit na araw, pati ang nakakabulag nitong liwanag. Tapos, punta ka naman sa kanan. Kanang paa. Same questions.

RAMIL: Sari-sari ang itinuturo mo e. Baka maging hinog sa pilit.

EMAN: Nakatagpo na ako ng pamamanahan bago man lang ako umalis sa lugar na 'to. Mailap 'yan. Pares ko nu'ng bata-bata pa.

RAMIL: Ano naman sng ipapamana mo?

EMAN: Tulad n'yan. Kino-coach ko na. Sa paggawa ng boka-boka, sa pagpapalipad ng saranggola.Pati sa pakikitono. Sabi ko nga'y sige lang, makisama siya. Pero huwag pagagalaw sa kahit sino dito. Kita mo naman, nakatagal ako sa lugar ng mga warat pero hindi nakatikim na madonselya ninuman. At hindi nila ako magagalaw kahit kailan.

RAMIL: E paano nga'y malikot ang kuyukot mo. Kahit pigilan e ayaw tumigil sa isang lugat. Hindi tuloy matutukan ng -

EMAN: (kay RAMIL) 'Yan, ganyan ang mamanahin ni Bey. Alam mo kasi, Ramil, me potensyal ang isang ito na magputang gaya ko pero nananatiling birhen.

RAMIL: Ows. Totoo ba 'yun, ha, Bey?

BEY: E, Ramil -

RAMIL: (maagap) - Sige, huwag ka nang magsalita.

EMAN: Si Bey ang 'ika nga'y kakasya sa sinalampakan niyang sistema. -

RAMIL: - A, flexible.

EMAN: (patango) Dahil diyan, unti-unti ko siyang inihahanda. Sabi ko'y nasa abnormal kaming sitwasyon. Na marami siyang masasaksihan. Pero sabi ko, manood lang siya. Huwag na huwag siyang sasali.

RAMIL: E sistema nga yan e. Lahat, daraan dyan. Hindi ba, Bey?

BEY: Yon kasing -

RAMIL: (mabilis) Ups-ups-ups. Bata ka pa nga pala.

EMAN: 'Tangina nila, ibahin nga nila ako e. E kaya naman malaswa ang bibig ko e dahil na rin sa mga nakahiratiang nakikita dito. Mga pamimilit, mga pandarahas, mga binabae't sinasalat-sa-babae. Sila ang bastos. At ibahin nila ako.

RAMIL: E ngani-ngani ka na nga raw na palabasin ng seminaryo. Kundi nga lang daw sa pakiusap ng tiyo mong pari -

EMAN: Aba...bakit mo alam 'yun?

RAMIL: Alam mo naman ang mga ecclesiastical tsismis. Sekretong bukadkad. Masahol pa sa showbiz.

EMAN: “Ecclesiastical tsismis,” haha. Bago yun, a. Kung sabagay, bilang spiritual director kasi e bistado ng Tiyo Pare ko ang hilatsa ng mga kasama niya sa seminaryo. Ecclesiastical tsismis, haha, talaga itong si Ramil, oo. Dami-daming mememoryahin nagdaragdag pa ng kung ano-ano.

RAMIL: Tas, saka pa napaiskwat tayo. E examination week. Paano ako makakakuha ng test n'yan?

EMAN: E di kausapin ang titser.

RAMIL: Si Sir Pablo? E layman 'yun, hindi pari. Mahigpit pa.

EMAN: 'Kow, kupal ang matandang 'yun. Diskartehan mo kaya?

RAMIL: Paanong -

EMAN: Diskarte. Your usual style. Higing ko e baklang tago ang powta.

RAMIL: Hups, si Father. Iskwat muna, mga Bro.

(Iiskwat na naman sila habang saba-sabay na sumusunod ang mata sa tumatawid na imaginary character. Tutuwid uli sila.)

EMAN: Hay, naku, this is pretty boring.

RAMIL: Boring but still pretty. di ba, Bey?

EMAN: Ha?

RAMIL: Oo ka na lang. Boring kami pero pretty ka. (kakanta) “Oh, my pretty, pretty boy, I love you."

EMAN: Ikaw lang 'yun. Sleeping Beauty ka pa nga e. O, di ba, 'yan ang bagong tawag sa 'yo ng community? Pang-ilan mo na bang pangalan 'yan?

RAMIL: Weh. Kesa naman ke Tae -

EMAN: Si Alfred? At least, kinakatuwaan yun ng mga pari. E ako?

RAMIL: Kinakatuwaan si Alfred. Tinatanga. Inuutusan.

BEY: Bakit Tae?

EMAN: Ay, nabinyagan ka na ba?

RAMIL: Wala pa ‘yang pangalan –

EMAN: Ayan ang pari, o – Papunta na naman yata dito.

RAMIL: Hindi.

EMAN: And’yan na. Iskwat uli tayo.

(Iiskwat uli sila.)

BEY: Ay, lampas.

EMAN: Hindi nga ‘yan pupunta dito o…

EMAN: Tindig tayo.

(Tutuwid sila.)

RAMIL: Ay, nakatingin.

(Iiskwat uli sila.)

EMAN: Lalayo ka rin palang 'tangina ka. Pinahirapan mo pa kami.

RAMIL: Wala na.

(Tutuwid na naman sila.)

EMAN: Pero alam n'yo,kahit ganoon si Alfred, libre siya sa iskwat –

RAMIL: Exemption to the rule. Dahil paborito ng mga pari.

EMAN: Paboritong pagtawanan.

RAMIL: Class clown naman.

EMAN: Hindi e. Siya mismo ang nakakatawa. Utal magsalita. Me puntong Mangyan. Bansot pa.

RAMIL: Palagay mo, maging pari kaya siya?

EMAN: Si Tae? E malakas nga sa mga paring seminaryo e.

RAMIL: Hm, ewan ko lang.

EMAN: Sige lang, laruin nila si Alfred. Darating ang araw, makikita nilang sila pala e nilalaro na rin ni Alfred.

(Katahimikan)

BEY: Bakit Tae?

RAMIL: Ano?

BEY: Si Alfred. Bakit Tae?

RAMIL: Hindi mo pa alam ?

EMAN: Pakilala ka nga, Lawit –

RAMIL: (payukod) Lawit is da neym.

EMAN: Tsaraan!

BEY: Bakit “Lawit?”

EMAN: Bukod sa me lambi kasi tarugo n'yan, Boy Mola pa sa laki. Haha –

RAMIL: Manahin. At least, malakas ang appeal –

EMAN: Haha, sa bading –

RAMIL: Eman naman. Hindi basta bading lang. Tanungin mo nga si...

EMAN: A reverend father na nag-Mama Mia .

RAMIL: (matigas) E-man.

EMAN: Alam mo, Bey, mala-Sleeping Beauty ang kwento ng 'sang 'to. Kasi, minsan habang natutulog sa dorm e kinis ng isa sa seminary fathers sa lips. Laplapang katakut-takot. Binayaan lang naman nitong siya e pagsasaan.

RAMIL: Kita nyo namang wala na akong nagawa. Kayo nga dyan ang nanood lang e.

EMAN: Nagulat din kami. Wala na kaming naikilos kundi kumalabit sa katabi. E kung mahuli kami ni Father na nanonood?

RAMIL: Dedo kayo.

EMAN: Kaya from Lawit, naging, ano na, Ramil?

RAMIL: Sunod kong pangalan, Ministro.

EMAN: Nahilig ka kasi noong magko-quote galing sa Bibliya. Tapos?

RAMIL: Dom. As in D-O-M. Dirty Old Man.

EMAN: Weh. kundi ko pa alam. Kaputol 'yun ng "So-dom." Nabalita kasi ang kahiligan mo na mang-uring. Manyakis! At ngayon -

RAMIL: Sleeping Beauty.

EMAN: Kinabaliwan ng isang seminary priest..

RAMIL: E wala na nga ‘yung tao. Nadestino na sa theological seminary. At hindi lang siya ang me warning. Pag nagpatuloy daw ang pagkalat n’yan – (sesenyas na pinuputulan siya ng leeg)

EMAN: E hindi naman tayo ang nagkakalat a.

RAMIL: Kung sabagay, napakaraming nagpapari na mas mahilig sa ecclesiastical tsismis kesa sumunod sa atas ng confessionary secret.

EMAN: O, ayan, sleeping pa raw ang beauty mo.

BEY: E, ibig sabihin ba, lahat e me pangalan?

EMAN: Oo. Walang makakaligtas. Pag nakagawian na, nagiging talamak.

RAMIL: Siya nga e (paturo kay EMAN) –

EMAN: (painis, may pahiwatig ng pagtatangka) O-o-o-

RAMIL: Si Bisugo, o, baw naman diyan.

(Yuyukod si EMAN)

EMAN: Marami pa, Bey. Naand’yan si Labo, si Tamehong, si Tabornok –

RAMIL: May Pato, may Baka, may Bayawak, may Kambing –

EMAN: Kabayo, Baboy. Kilala mo ba so Backy?

BEY: Backy?

RAMIL: Bakulaw ‘yon dahil bulugan sa laro –

BEY: Laro?

EMAN: Basketbol. Laro. Saka si Backy e matanda na. Pinaganda ‘yung bakulaw. “Backy.”

(Tatawa sina EMAN at RAMIL)

RAMIL: Si Ipot, si Itlog, si Pilantik –

EMAN: Bunganga –

RAMIL: Mangyan –

EMAN: Zuma –

RAMIL: Ay, si Bano –

EMAN: O, si Sardinas –

RAMIL: Madami pa.

EMAN: Basta lahat, may pangalan.

BEY: Pati...ako?

EMAN: (patango) Malapit na siguro. Susuriin ka nga mga ‘yan. Aalamin ang ‘yong pinanggalingan, edad mo, paborito, katawan mo.

RAMIL: Kadalasan, nakasipat lang sa kahinaan –

EMAN: Pag natumbok ‘yon – presto – isa ka nang alamat.

BEY: Bakit naman?

RAMIL: Anong bakit?

BEY: 'Yong pangalan. Bakit may pangalan?

EMAN: Ewan. Tradisyon daw ‘yan dito. Pares ng me Big Boys at Small Boys.

RAMIL: Ako nga, nadadala ko ‘yan sa labas.

EMAN: Sino bang hindi? May tawag na rin ako sa mga kabarkada ko e. Sabi naman nila, ganoon ba talaga ang pari,mahilig magbinyag? –

RAMIL: (pakibit-balikat) Nakakasakit daw ‘yon sa kanila –

EMAN: Sabi ko lang e pabayaan na nila. Wala naman akong papangalanang anak kung saka-sakali.

RAMIL: Ako, hinamon ako e. –

EMAN: Ng kabarkada mo?

RAMIL: Oo. Sabi niya sa akin, kung ganyan daw tayo dito ay ibahin naman daw sila. At huwag daw sa harap ng babae. Sabi ko, “Pards, pasensya ka na.” Tama sila e. Naturingan tayong magpapari, pero ang galing nating pumuna ng kahinaan ng iba –

EMAN: Tingnan mo nga ako. Mas maigi pang Bisugo ang tawag nila sa akin noon. 'Tangina, ano ako ngayon? Iskwater. 'Tanginang iskwater. ISKWATER!

RAMIL: Haha, squatting is your hobby.

EMAN: Lifestyle, Pare. 'Tangina nila.

RAMIL: Me balik din 'yan. Siguro, kulang na naman ang stipend na napabigay sa kay Father.

EMAN: Natalo yun sa pustahan sa basketbol kahapon. Ayun, daig pa ang putang nireregla. Basa na naman ang kuyukot -

RAMIL: Ikaw na naman ang napag-initan.

EMAN: Isinama ka. Kaya salamat sa pakikiramay.

RAMIL: Oo, nadamay ako. Kasi naman kadudulo lang ng dasal pagkatapos magmeryenda e bumanat ka pa ng –

EMAN: E kung pigilin ko ‘yun, di masama ang mangyayari sa sikmura ko. Ikaw naman kasi, hihingal-hingal ka pang galing sa kung saan, nakatawa pa nang malakas.

RAMIL: E sa narinig ko e. Sa akin mo pa itinapat ang puwet mo.

EMAN: Uy, sinusunod ko lang ang payo na kapag uutot e tatalikod sa tao. Tao ka naman, di ba? Malay ko bang huli ka at doon ka pala susulpot

RAMIL: E kaso, malakas na yang pinawalan mo, me nakakapangilabot pang amoy.

(Magtatawanan sina RAMIL at EMAN. Saglit.)

BEY: Araw-araw ka dito, Kuya Eman?

EMAN: Lagi akong hot issue, Bey.

RAMIL: Biktima ng diskriminasyon.

EMAN: Mas okey na 'yun kesa nilalampas-lampasan.

RAMIL: (pakanta) Konsolasyon sa sarili.

BEY: E di wala kang meryenda palagi?

EMAN: Naku, isang tinapay lang 'yun.

RAMIL: It is thus written, "Man shalt not live by bread alone. But by obscenities ang profanities that come out of his mouth."

EMAN: Dumale na naman ang pagkaministro mo.

RAMIL: Paano mo idinaraos dito sa court ang...

EMAN: Ang ano? Libog?

RAMIL: Hindi. Ang yong kaharutan.  Paano ka nagpaparaos ng gaslaw?

EMAN: Interbyu ba 'to? Next question please.

RAMIL: O, sige. What is your answer to my previous question?

EMAN: Sabi ko na e.

RAMIL: Paano ka nga gumagaslaw kapag pinapaiskwat?

EMAN: E marami, maraming misteryong paraan para sa kaharutan..

RAMIL: Halimbawa?

EMAN: E, marami nga e. Saka lagi naman akong me kasama e.

RAMIL: Ayun pala naman. Me instant audience.

EMAN: Nagdidirek-direk din ako, oy. Minsan, konsyerto kami dito ng kung sino mang kasama ko sa pag-iskwat. Kapag me kasamang babakla-bakla, lalo't Small Boys, pinagagagad ko si Lisa Macuja. Ballet. O kaya, sabi ko, gayahin ang boses ni Grace Nono. Galing! Boses-kiki ang powta.

RAMIL: (nakatingin kay BEY) Gustung gusto naman siguro.

EMAN: (patango) May nagwi-Whitney Houston pa nga e. Kaya lang, pag nilunod ng mga pari sa bath tub, sigurado akong ike-claim nun na siya e sirena.

RAMIL: Ayan, Bey, literary event pala ang mapaiskwat.

EMAN: Siyempre, gold times gold equals...

RAMIL: "Time is gold" lang. (Saglit) E, wala bang variation? 'Yong maiba naman.

EMAN: Minsan, trip kong magkwento. Halimbawa, "Kung Bakit Paiskwat na Maglakad si San Pedro." Sa dulo ng istorya, mahalaga ang nadiskubri ni San Pedro. Akala raw niya e utot lang. Me talbos na palang kasama.

(Tawanan)

EMAN: Rayot din yung maalamat na "Kung Paano Tinukso ni Kristo ang Demonyo." O yung ang pamagat e kung "Kung Bakit Walang Tiyani sa Langit." O gusto n'yo bang ipakita ko sa inyo ang pinakausong sayaw sa labas?

RAMIL: Naku. (Tatawa) Nakita ko na 'yan. Nagtatapos yan sa -

EMAN: Sa pagkanyod? E sa 'yun lagi ang kinakalabasan ng tawas e.

RAMIL: Ikaw, Bey, anong kaya mong gawin?

EMAN: Oo nga pala. Ano'ng trip n'yo?

RAMIL: Ano kaya kung 'yong dati nating ginagawa? Toka-toka.

EMAN: Rotasyon?

RAMIL: (patango) Duty-duty.

EMAN: Maraming ayaw nun. Lalo, pag ako ang kasama.

RAMIL: Nanlalamang ka kasi. Pero okey lang.

EMAN: (Kay BEY) Bey, gusto mo 'yun? 'Yung halinhinan tayo dito. Me aalis at gagawin ang kelangang tapusin. Syempre, pare-pareho tayo ng dami ng oras. Syempre, me naka-duty dito. Dalawa nang dalawa. Tagaabang sa Father Prefect. Tagaalerto.

BEY: Naku, paano kung -

RAMIL: Sige, mauna ka, Eman. Pakidaan na rin sa klasrum namin. Please lang, pakisilip kung ano nang pinagagawa ni Sir Pablo. Ako'ng bahala sa excuses.

.BEY: (kay EMAN) Oo, kung baga, umeebak ako. Mga ganun.

RAMIL: Basta, h'wag mo lang gagawin yung tatlong oras na, saka naka-short-time siesta ka na e basa pa ang buhok at nakaligo pa.

EMAN: Hahaha. Ano ngang tawag mo dun? Me "horizontal" yun e.

RAMIL: Horizontal meditation. Tulog.

EMAN: Ang galing mo sa ganu'n 'no?

RAMIL: Saan? Sa pagtulog?

EMAN: Hindi. Sa paglalagay ng tawag sa mga simpleng bagay. Akala mo tuloy, kung ano nang nangyari. "Tulog" lang pala.

RAMIL: Siya,siya, lakad na. Kami na ni Bey ang bahala dito.

BEY: Kuya Eman, sa 'yo na ako sasama.

RAMIL: E, hindi pwede 'yan.

EMAN: Mahahalata, Bey. Ako muna. Isa-isa tayo. (kay RAMIL). Saka daraan pa ako sa klasrum nina Ramil. Kung dalawa tayong gagawi dun, tiyak na tatanungin tayo kung bakit kumakalat sa oras ng klase. (kay RAMIL) Ramil, ingatan mo 'yang disipulo ko ha? Kino-coach ko 'yan.

RAMIL: Oo na. Lakad na.

EMAN: Bey, ingat ka dyan ke Ramil. Nangrereyp yan. (kay RAMIL) Biro lang! Ito naman. Pero seryoso, hindi bale nang magmukhang mahalay 'yang si Bey, h'wag lang basag ang pagitan ng kanyang tumbong. Kelangang me naiiwang birhen. (kay BEY) Bey, yung paa mo, diretso titig, hanap lang ng maski buni at an-an. Para 'di ka masilaw sa araw.

BEY: Oo, Kuya Eman.

(Lalabas si EMAN. Maiiwan sina RAMIL at BEY. Titikhim si RAMIL. Magugulat si BEY, mapapalayo.)

RAMIL: Natatakot ka pa rin sa akin.

BEY: H-hindi. Nagulat lang ako.

RAMIL: Buong buo ang bilib ni Eman sa 'yo.

BEY: Akala ko kasi, kung ano na -

RAMIL: Wala kang sasabihin sa kanya.

BEY: -Tikhim lang pala.

RAMIL: Tandaan mo lang 'yong sinabi ko sa 'yo.

BEY: (nangangapa ng sasabihin) Matagal ba lagi bago bumalik si Kuya Eman?

RAMIL: Maliligo pa 'yun. Matutulog nang konti.

BEY: Gusto kong kasama si Kuya Eman.

RAMIL: Mas gusto mo siya kesa sa akin?

BEY: Marami siyang alam ituro.

RAMIL: Ingat ka lang. (Saglit) Hilig ni Eman ang manlamang.

BEY: Mabait siya sa akin pero...mabait lang.

RAMIL: Mabait din naman ako sa iyo a. Ayaw mo ba 'yung mga pasalubong ko sa 'yo pag nagme-messenger ako ng community? Inililista ko 'yung mga pabili ng lahat ng seminaristang me kailangan pero hindi ko nakakalimutang mag-uwi ng kahit ano para sa 'yo.

BEY: Mga laro 'yung turo ni Kuya Eman. Pero pag pinag-isipan, me kinalaman pala 'yon sa pag-iingat.

RAMIL: Malaswa ang kanyang bibig. Palaging me tungayaw.

BEY: (Titingala) Ayun, o, me saranggola.

RAMIL: Paano kung hindi tayo balikan ni Eman?

BEY: Sino kayang nagpapalipad noon? Malayo siguro. Ang taas e.

RAMIL: (Titingala na rin) Pebrero na nga pala. Malakas na ang hangin. Saka malamig.

BEY: Pero bakit ganu'n? Umuulan pa rin?

RAMIL: Natutunaw daw ang yelo sa China at malapit daw 'yun sa atin. Kaya parang hinahamog ang Pilipinas.

BEY: Kawawang saranggola 'yan pag biglang umulan. Mababasa. Bibigat.

RAMIL: Hindi naman kaagad 'yan babagsak. me nagpapalipad d'yan e.

BEY: Oo. Bata. Malimit, takot na takot ang bata sa ulan.

RAMIL: Maiisip ng bata ang tali ng saranggola. Maipupulon n'ya 'yon sa lata.

BEY: E kung magkabutas nga ang saranggola? Basa kasi 'yun. Binabasa ng ulan. Inuulit-ulit.

RAMIL: Ano ka ba? Mahangin pa lang.

BEY: Isang butas pa lang pero malalaglag na 'yun. (Maiiyak) Magpapasabit-sabit. Masisira pati kalansay.

RAMIL: Bey, hindi na naman kita susundan e. Minsan lang yun. Kanina lang.

BEY: Ayaw ko nang pumasok sa kubeta. Lalo na pag... (Lalong iiyak) pag malapit na ang meryenda.

RAMIL: Hayaan mo, sa susunod...

BEY: Anong susunod?

RAMIL: Sori.

BEY: (Papahirin ang luha) Ang tagal ni Kuya Eman.

RAMIL: Natatakot ka pa rin nga sa akin.

BEY: Ganito pala ang pag-iskwat.

RAMIL: Huwag ka na kasing tumingkayad.

BEY: Nahihirapan ako. Masakit.

(Kinakapa ni BEY ang puwet ng pantalon.)

RAMIL: Alam mo, Bey, inunahan ko lang ang iba. Mangyayari't mangyayari 'yon sa 'yo.

BEY: (nakatingin sa palad) Dugo pa rin pala ito.

RAMIL: (mapapaurong,gulat) E me panyo ka ba? Kapag hindi pa rin bumabalik si Eman, maiiwan kita dito. Hahananapin ko siya. Para pag bumalik na kami, makapagpalit ka ng pantalon. Diyan ka muna.

EMAN: E pa'no kung bumalik siya tapos wala ka pa? -

RAMIL: Sabihin mo ke Ramil na naiihi ako kaya umalis muna. Saglit lang ako. (Lalabas si RAMIL. Bigla ang pasok ni EMAN, mulang kaliwa, pinapahiran ng bimpong kanyang hawak ang tila-kaiiyak lang na mukha.)

EMAN: Sabi ko naman sa 'yo, huwag kang tititig sa araw. Naluha ka tuloy.

BEY: E may nakita kasi akong saranggola.

EMAN: At naalala mo na naman siguro noong minsang syesta, na gumawa tayo ng boka-boka.

BEY: Noon ko lang natutunan ‘yun. Ang di ko malilimutan e noong paliparin na natin ang saranggolang papel.

EMAN: Ang ingay mo kasi. Buti, hindi tayo sinaway ni Father.

BEY: Nakakapasigaw kasi yung pasalok-salok na galaw sa hangin ng magaslaw na papel –

EMAN: Gago, saranggola yun. Boka-boka.

BEY: Tinuruan mo pa akong sumipol para maimbita ang hangin. Nalaman ko rin ang sikreto ng pagpapalangoy nang matagal sa ere ng…ano nga ‘yon?

EMAN: Boka-boka. Doon kita nagkakilala, di ba?

BEY: Tinanong mo na ako nang tinanong.

EMAN: E natutuwa kasi ako sa ‘yo. Ikaw rin naman, tanong nang tanong hinggil sa saranggola.

BEY: Ang saya.

EMAN: E kaya pala namumula yang mata mo.

BEY: Hindi kasi yung saranggola e –

EMAN: ‘Yung araw.

BEY: Hindi rin ‘yun.

EMAN: (May mapupuna) Nasaan si Ramil?

BEY: Iihi lang daw.

EMAN: Kasi, narinig ko si Sir Pablo niya e.

BEY: Ano yun?

EMAN: Hindi raw siya nagbibigay ng special exam.

BEY: Lagot.

EMAN: Hindi makakalipat si Ramil sa seminaryo-mayor pag nagkataon.

(Katahimikan.)

BEY: Nasilaw ka rin sa araw ‘no?

EMAN: Nasibog ng kamag-anak.

BEY: Napagalitan ka?

EMAN: (patango) Tiyo Pare. Tulad ng dati.

BEY: Bakit?

EMAN: Wala. Maraming dahilan. Aalis na lang ako dito.

BEY: Bakit nga e?

EMAN: Hindi mo maiintindihan. Basta, magpapake na ako mamaya.

BEY: (takot) Ha?

EMAN: Ihahatid ako ng Tiyo Pare sa amin.

BEY: Naku, ikaw lang sa mga Big Boys ang -

EMAN: Bakit? Andyan naman si Ramil a.

BEY: Si Ramil?

EMAN: Hindi ka nun pababayaan.

BEY: (Maiiyak na nang tuluyan) Wala kang alam. Marami kang hindi alam.

EMAN: Ha? Bakit?

BEY: Hindi nga yung araw e.

EMAN: Ano?

(Kakapain ni BEY ang likod ng kanyang pantalon. Ipapakita ang palad na basa ng dugo.)

BEY: Kita mo 'to?

EMAN: Ibig mong sabihin…?

BEY: (tumatango) Kanina lang na bago tayo paiskwatin. Sa kubeta.

EMAN: Sino ang –

BEY: Si Ramil.

EMAN: Putang ina. Si Ramil?

BEY: Hindi maampat ang pagtulo.

EMAN: (di-mapakaling galaw) Nasaan si Ramil? Nasaan ang 'tang'nang yon?

(Tuluyang lalabas si EMAN.. Mula naman sa kabila ng tanghalan, papasok si RAMIL.)

RAMIL: Bey, iskwat tayo. Nakita ako ni Father Prefect! Baka pumunta dito.

(Iiskwat siya at mapapansing umiiyak si BEY.)

BEY: Hinahanap ka ni Kuya Eman. Galit na galit si Kuya Eman.

RAMIL: Bakit? Siguro may sinabi ka.

BEY: Aalis na siya. Mag-isa na ako.

EMAN: (papasok) ‘Tang ina ka, Ramil, mabuti nga sa ‘yo. Hindi ka makakakuha ng eksam sa klase ni Sir Pablo. Mabuti ngang huwag ka nang tumuloy sa mayor. Hindi ka pwede dun!

RAMIL: Anong ibig mong sabihin?

EMAN; Si Bey. Putang ina ka. Si Bey!

RAMIL: E ikaw rin naman, pinoprotektahan lang ng tiyo mong pare. Pero kung tutuusin, hindi bagay ang katulad mo dito. Me pare bang nanunungayaw? Me pare bang maraming alam gawin na kalokohan?

EMAN: Oo, lahat sila. Ikaw, lalo na. Manghahalay. Kapwa lalake pa –

RAMIL: Patas lang tayo, Eman.

EMAN: Pa’nong patas? Kahit ganito akong malaswa at bastos, tinutumbasan ko lang ang mga kababuyang nakita ko sa inyo. Pero, kahit itanong mo sa kahit kanino dito, wala akong nagalaw na sino man. At wala ring nagbanta man lang na gumalaw sa akin.

RAMIL: Pero marami nang pareng seminaryo ang nagrereklamo at gusto kang patalsikin sa seminaryo. Kundi nga lang daw sa tiyo mo. Hindi ka bagay maging pare. Magugulo ang Simbahan.

EMAN: Kung humusga ka, parang wala kang nagawang mahalay.

RAMIL: E ikaw, nangangapit lang sa kapangyarihan. Hindi naman ito reformatory school. Dun ka dapat sa rehab o sa mental hospital.

EMAN: Ikaw ang bagay sa sinusurot na sinehan. Dinadasalan ng baklang me limos na limandaan –

RAMIL: Bunganga mo, nangangapal sa kupal –

EMAN: Aba, putang inang -

(Susugurin ni EMAN si RAMIL bagaman maagap na pupunta sa gitna ang iika-ikang si BEY at haharangan si EMAN. Sa pagbangga sa kanya ni EMAN ay matutumba si BEY.)

EMAN: Bey? Naku sori. Bey?

(Lalapitan niya ang mahinang katawan ni BEY)

RAMIL: Pati bata, Eman –

EMAN: Pati si Bey, Ramil. Alam mo palang bata 'to e.

BEY: Kaya ko namang tumayo. (Pipilitin niyang tumindig.)

EMAN: Huling iskwat ko na ito. Ihahatid na akong pauwi ng Tio Pare mamaya.

RAMIL: Eman?

EMAN: Nagpasya na ang rektor. Tama ka, hindi ako bagay sa seminaryo.

RAMIL: Nagbiro ka na naman.

EMAN: . 'Tangina naman, biro ba ang lumabas ng seminaryo, kapag ang tagal mo na dito?

RAMIL: Kinakabahan ako a.

EMAN: Para sa sarili mo? Ay, naku, Ramil. Sarili mo pa rin ang -

RAMIL: Si Sir Pablo kasi.

(Matatawa si BEY. Samantala ang iika-ikang si BEY ay matutumba na naman. Dadaluhan siya ni EMAN. )

EMAN: Dadalhin ko si Bey sa klinik.

RAMIL: Ano? E ayan si Father Rector, pagawi rito.

BEY: Iiskwat ba tayo?

EMAN: Putangina naman sa ganitong kalagayan? –

RAMIL: Kakausapin ko si Sir Pablo. Kahit anong gusto niya, gagawin ko. (Iiskwat siya.)

EMAN: Ayawan na!

(“Taps.” Mananatiling nakaiskwat si RAMIL. Aakayin naman niEMAN si BEY, palabas ng tanghalan bagaman uunahan sila ng kumakalat na DILIM.)